# Capital Plan ng 2027-2030

## Ano ang capital plan?

Nagbigay ng direksyon ang Konseho ng Lungsod ng Vancouver upang ipaalam ang pagbuo ng draft ng Capital Plan ng 2027–2030. Kasama dito ang malakihan at mas mataas na pamumuhunan na $104 milyon sa mga kalsada at bangketa at $400 milyon para sa mga pasilidad ng libangan ng komunidad sa buong lungsod.


Ang Capital Plan ay isang apat na taong plano sa pamumuhunan na tumutulong sa pagpapanatili, pagpapanibago, at pagpapabuti ng imprastraktura at mga pasilidad na inaasahan ng mga tao araw-araw. Kabilang dito ang mga parke, kalsada at bangketa, mga sistema ng tubig at alkantarilya, mga sentro ng komunidad, mga aklatan, mga pasilidad para sa kaligtasan ng publiko at iba pang imprastrakturang sibiko.

Ang mga pamumuhunang ito ay nakatutulong sa maayos na pagtakbo ng Vancouver at pagsuporta sa kalidad ng buhay sa buong lungsod — kabilang ang kung paano gumagalaw ang mga tao, nakakakuha ng mga serbisyo, nakikipag-ugnayan sa komunidad, nasisiyahan sa mga pampublikong espasyo at tumatanggap ng mga mahahalagang serbisyo.

Ginagamit ang malaking bahagi ng pondo ng Capital Plan sa pagpapanatili at pagpapanibago ng mga kasalukuyang imprastraktura at mga pasilidad upang mapanatili ang mga ito na ligtas, maaasahan, at nasa mabuting kondisyon. Sinusuportahan ng mga karagdagang pamumuhunan ang mga imprastraktura at pasilidad sa hinaharap na kinakailangan upang matugunan ang lumalaking lungsod at populasyon.

## Ano ang pokus ng Capital Plan ng 2027-2030?

Ang Capital Plan ng 2027–2030 ay tututok sa pagpapanibago ng mga lumang imprastraktura, pagpapanatili ng mga mahahalagang serbisyo, modernisasyon ng mga ari-ariang pakikinabangan ng komunidad, at pagsulong ng pagpaplano at pagdidisenyo para sa mga proyekto sa hinaharap na inaasahang maisasagawa sa mga plano ng kapital sa hinaharap.




## Paano pinopondohan ang Capital Plan?

**May tatlong pinagmumulan ng pondo para sa Capital Plan:**

1. **75% - Mga kontribusyon ng lungsod**, tulad ng mga buwis at bayarin sa ari-arian, na nakatuon sa pagpapanibago ng mga lumang imprastraktura (hal. mga pasilidad panlibangan, tubig at alkantarilya, mga tulay)
2. **20% - Mga kontribusyon sa pag-unlad** na binabayaran ng mga proyektong pangkaunlaran upang makatulong na pondohan ang mga benepisyo ng komunidad tulad ng imprastraktura, mga parke, at mga network ng transportasyon. Maaari itong ibigay nang cash, o sa paraang hindi pinansyal, ibig sabihin ay ang mga pasilidad ay itinatayo bilang bahagi ng proyekto. Ang mga kontribusyon para sa kaunlaran ay isa sa mga kasangkapang ginagamit ng Lungsod upang makapaghatid ng mga bagong imprastraktura at mga pasilidad. Kasalukuyang ina-update ng Lungsod ang mga kasangkapang ito bilang bahagi ng 2026 Financing Growth Update. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang webpage ng proyekto ng Lungsod: vancouver.ca/home-property-development/2026-financing-growth-update.aspx
3. **5% - Mga kontribusyon ng mga katuwang** (hal. pederal na pamahalaan, pamahalaang panlalawigan, BC Housing, Metro Vancouver, TransLink) na tumutulong sa hatian ng gastos ng ilang proyekto, tulad ng mga kalye, at mga sentro ng komunidad

## Kakulangan sa Imprastraktura

Habang naluluma ang imprastraktura ng Lungsod, nangangailangan ito ng patuloy na pamumuhunan upang mapanibago at mapanatili ang mga ari-arian sa maayos na kalagayan. Gayunpaman, ang Lungsod ay nahaharap sa lumalaking kakulangan sa imprastraktura, ibig sabihin ay walang sapat na pondong magamit upang mapanatili ang lahat ng imprastraktura – tulad ng mga parke, kalye, at mga pasilidad ng komunidad – sa mabuting kalagayan.

Karamihan sa pondo para sa **pagpapanatili** ng imprastraktura ay nagmumula sa buwis sa ari-arian at mga bayarin sa utility. Habang ang antas ng pamumuhunan na kinakailangan upang panatilihin ang mga ari-arian sa maayos na kalagayan ay tinatayang $800 milyon kada taon, ang halagang nailalaan ng buwis sa ari-arian at mga bayarin sa utility ay humigit-kumulang $300 milyon. Nag-iiwan ito ng tinatayang kakulangan sa imprastraktura na humigit-kumulang $500 milyon bawat taon



Mga pamumuhunang kailangan upang mapanatili ang mga asset sa maayos na kondisyon:
**~$800 M bawat taon**



Taunang Pondong Magagamit:
**~$300 M bawat taon**



Kakulangan sa imprastraktura:
**~$500 M bawat taon**

## Paano naiiba ang Capital Plan sa taunang badyet?

Ang Lungsod ay nagpaplano at namumuhunan sa imprastraktura at mga serbisyo sa pamamagitan ng dalawang pangunahing proseso: ang Capital Plan at ang taunang badyet. Bagaman malapit silang magkaugnay, sila ay gumaganap ng magkaibang layunin.

| Capital Plan ng 2027-2030 | Taunang badyet |
|---|---|
| Ang Lungsod ay lumilikha ng capital plan **tuwing apat na taon.** | Ang Lungsod ay lumilikha ng taunang badyet **bawat taon.** |
| Ang capital plan ay tumutukoy ng **mga prayoridad ng programa** at **mga partikular na proyektong** ihahatid sa loob ng apat-na-taong panahon. | Ang taunang badyet ay partikular na nakatuon sa:<br>• **Badyet sa pagpapatakbo**, na sumasaklaw sa pang-araw-araw na gastusing kinakailangan upang maihatid ang mga programa at serbisyo sa mga residente.<br>• **Badyet ng kapital**, na nagtatakda kung paano isasagawa at popondohan ang mga proyekto sa plano ng kapital sa taong iyon. |

## Iskedyul ng proyekto

- **Abril** — Pagbabahagi ng mga kawani ng impormasyon tungkol sa pamamaraan ng Capital Plan ng 2027-2030 sa Konseho
- **Abril 22** — Pagtanggap ng direksyon ng Konseho sa Capital Plan ng 2027-2030
- **Mayo 22 – Hunyo 7** — Pakikipag-ugnayan sa publiko
- **Hulyo 10** — Pagbabahagi sa publiko ng Draft na Capital Plan ng 2027–2030 at ng mga natuklasan sa pakikipag-ugnayan
- **Hulyo 28** — Botohan ng Konseho sa Capital Plan ng 2027-2030
- **Oktubre 16** — Mga tanong sa paghiram ng Capital Plan ng 2027-2030 sa plebisito (kasabay ng lokal na halalan)

## Mga kategorya ng Capital Plan:

Kasama sa Capital Plan ang imprastraktura at mga pasilidad sa mga sumusunod na kategorya. Ang direksyon mula sa Konseho tungkol sa mga prayoridad ay gagamitin upang gabayan at ihanay ang mga serbisyong kasama sa draft ng Capital Plan ng 2027-2030. ilang dito ang pamumuhunan sa:

**Mga ari-ariang pinakikinabangan ng komunidad –** Mga ari-ariang nagbibigay ng mga espasyo, serbisyo, at mga pasilidad na direktang sumusuporta sa pang-araw-araw na buhay, ugnayan sa lipunan, mobilidad, at pagpapahayag ng kultura sa loob ng mga komunidad.

**Mga parke at pampublikong bukas na espasyo:** Ilan sa mga halimbawa ay ang seawall, mga sports court at field, mga palaruan, mga parke ng aso, mga golf course, mga fieldhouse, at mga palikuran sa parke.

**Sining, kultura, at pamana:** Mga sentrong pangkultura, mga pasilidad ng libangan at eksibisyon, mga teatro, mga espasyo para sa pagtatanghal, at pampublikong sining.

**Mga pasilidad ng komunidad:** Mga aklatan, at mga pasilidad panlibangan at panlipunan kabilang ang mga sentro ng komunidad, mga sentro ng libangan, mga swimming pool, mga rink, mga bahay sa kapitbahayan at marami pang iba.

**Transportasyon at paggamit ng kalye:** Imprastraktura na sumusuporta sa paggalaw at pagtitipon sa paligid ng lungsod. Kabilang sa mga halimbawa ang mga kalsada, bangketa, daanan ng bisikleta, mga ilaw sa kalye at mga plaza.

**Mahalagang Imprastraktura ng Lungsod –** Mga pangunahing sistema, pasilidad, at serbisyong nagbibigay-daan sa ligtas at maaasahang operasyon ng lungsod, kabilang ang mga utility, enerhiya, kaligtasan ng publiko, at mga tungkuling sibiko.

**Tubig, mga imburnal at paagusan:** Imprastraktura na sumusuporta sa kung paano natin pinamamahalaan ang suplay ng inuming tubig, wastewater, at tubig-ulan. Kabilang sa mga halimbawa ang mga tubo ng tubig at alkantarilya, mga istasyon ng bomba, mga palanggana at luntiang imprastrakturang daluyan ng tubig-ulan.

**Pagkolekta, paglilihis, at pagtapon ng basura:** Mga pasilidad, sasakyan at kagamitan na tumutulong sa ating pamamahala ng basura, mga organikong bagay, mga pasilidad na zero-waste at tambakan ng basura. Kabilang sa mga halimbawa ang mga trak para sa pagkolekta ng basura ng mga residente, mga sentro ng pagreresiklo, at ang istasyon ng paglilipat.

**Renewable energy:** Imprastraktura na sumusuporta sa suplay at paggamit ng renewable energy. Kasama rito ang False Creek Neighbourhood Energy Utility, na gumagamit ng nasayang na enerhiyang termal mula sa alkantarilya upang maglaan ng pangpainit ng mga silid at mainit na tubig sa mga gusali.

**Teknolohiya:** Mga asset ng teknolohiya ng impormasyon na sumusuporta sa paghahatid ng mga serbisyong pampubliko. Kabilang dito ang mga kompyuter, mga aplikasyon ng software at fiber optic cable.

**Kaligtasan ng publiko:** Mga gusali, sasakyan, at kagamitan na sumusuporta sa paghahatid ng mga serbisyo sa bumbero at pagsagip, pulisya, at silungan ng hayop.

**Mga pasilidad at kagamitang sibiko:** Mga pasilidad na administratibo (hal. City Hall) at mga bakuran ng serbisyo, kabilang ang imbakan ng mga sasakyan, trak at kagamitan, na sumusuporta sa paghahatid ng maraming serbisyong pampubliko.

**Mga inisyatibong nakabatay sa pakikipagtulungan –** Mga serbisyo at inisyatibo na pangunahing nasa labas ng direktang responsibilidad ng Lungsod, karaniwang inihahatid sa pamamagitan ng pakikipagtulungan, suporta sa patakaran, o iba pang antas ng pamahalaan. Kabilang dito ang pamumuhunan sa:

**Pabahay:** Pabahay na ibinibigay sa pamamagitan ng pakikipagsosyo at/o sa iba pang antas ng pamahalaan. Kabilang dito ang mga silungan, mga hotel na may kwartong pang-isahan (SRO), mga suportang pabahay, mga pabahay na may upa, batay sa kita ng nangungupahan (panlipunan at pangsuporta), at mga pabahay na sadyang itinayo para paupahan.

**Pangangalaga sa bata:** Mga pasilidad at espasyo sa pangangalaga ng bata, para sa mga sanggol, paslit, preschool, at mga batang nasa edad ng pag-aaral na ibinibigay sa pamamagitan ng mga pakikipagsosyo at/o sa iba pang antas ng pamahalaan.

# Nais namin ang inyong input tungkol sa Capital Plan ng 2027-2030.

Tulungan kaming maunawaan ang inyong mga prayoridad para sa pamumuhunan sa imprastraktura at mga pasilidad ng Lungsod sa pamamagitan ng pagbibigay ng inyong feedback at pakikilahok sa aming proseso ng pakikipag-ugnayan.

## Mula ngayon hanggang Hunyo 7, 2026, maaaring:

- Kumpletuhin ang survey sa **shapeyourcity.ca/capital-plan**
- Ibahagi ang oportunidad na ito sa inyong mga network
- I-email ang inyong mga katanungan o komento sa **capitalplan@vancouver.ca**
- Mag-sign up para magsalita kapag siniyasat ng Konseho ang pinal na Capital Plan sa Hulyo
- Direktang kontakin ang Mayor at Konseho sa **vancouver.ca/contact-council**

Ang inyong feedback ay pagsasama-samahin at iuulat sa publiko at ihaharap sa Konseho bago ang pinal na pag-apruba ng Capital Plan sa Hulyo 2027.

## Ibahagi ang mga nasasaisip mo tungkol sa 2027-2030 Capital Plan.

May makukuhang mga pagsasalin.

**分享您对《2027–2030 资本计划》的意见。将提供翻译版本。**

**分享您對《2027–2030 資本計劃》的意見。將提供翻譯版本。**

2027-2030 ਪੂੰਜੀ ਯੋਜਨਾ (Capital Plan) ' ਤੇ ਆਪਣੇ ਵਿਚਾਰ ਸਾਂਝੇ ਕਰੋ।
ਅਨੁਵਾਦ ਉਪਲਬਧ ਹੋਣਗੇ।

**Comparta su opinión sobre el Plan de Capital 2027-2030.
Habrá traducciones disponibles.**

**Ibahagi ang mga nasasaisip mo tungkol sa 2027-2030 Capital Plan.
May makukuhang mga pagsasalin.**

**Hãy chia sẻ suy nghĩ của quý vị về Kế hoạch Nguồn vốn 2027-2030.
Bản dịch sẽ được cung cấp.**


©2026 City of Vancouver | 26-155